MGA SERBISYO NG TULONG SA SAKUNA PARA SA MGA IMIGRANTE

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa iba't ibang lokal, pang-estado, at pederal na serbisyo ng tulong sa sakuna na makukuha ng mga imigrante.

OFFICE OF IMMIGRANT RELATIONS
(TANGGAPAN NG MGA UGNAYAN SA IMIGRANTE)
408-299-6414 • immigrant.relations@ceo.sccgov.org

OFFICE OF EMERGENCY MANAGEMENT (TANGGAPAN NG MGA SERBISYONG PANG-EMERGENCY)

Mga Serbisyo ng Tulong sa Sakuna para sa Mga Imigrante

Ang gabay na ito ay nagbibigay ng detalyadong impormasyon tungkol sa iba't ibang lokal, pang-estado, at pederal na serbisyo ng tulong sa sakuna na makukuha ng mga imigrante.

Bagama't ang ilan sa mga pederal at pang-estadong mapagkukunan ay limitado sa mga indibidwal o sambahayang may status ng imigrasyon na naaayon sa batas, maraming serbisyong makukuha ang lahat. Makukuha ng lahat ng residente ng county ang mga mapagkukunan sa lokal at komunidad at hinihikayat namin ang lahat na humingi ng tulong. Inihanda ang gabay na ito batay sa mga dokumentong inilathala ng California Department of Social Services, Immigrant Legal Resource Center, National Immigration Law Center, at iba pang nakikipagtulungang ahensya. Para sa kumpletong listahan ng mga nag-ambag, tingnan ang loob ng pabalat sa likod.

Ang mga sumusunod ay ilang paksang tatalakayin:

- FAQ tungkol sa mga mapagkukunan bago magkaroon ng sakuna, habang may sakuna, at pagkatapos ng sakuna
- Status ng imigrasyon at accessibility ng mga serbisyo
- Tulong sa matutuluyan at pabahay
- Pagkain at iba pang pangunahing pangangailangan
- Kalusugan, kalusugan ng publiko, at pagpapayo
- Pagpapalit ng mga dokumento, muling pagtatayo ng ari-arian, at insurance
- Mga serbisyo sa trabaho

GINAWA NG:
OFFICE OF IMMIGRANT RELATIONS (TANGGAPAN NG MGA UGNAYAN SA IMIGRANTE)
SA PAKIKIPAGTULUNGAN SA
OFFICE OF EMERGENCY MANAGEMENT (TANGGAPAN NG MGA SERBISYONG PANG-EMERGENCY)

Mga Nag-ambag na Organisasyon

American Red Cross
CDSS California Department of Social Services
Catholic Charities of Santa Clara County
ICAN
ImmigrantInfo.org
ilrc Immigrant Legal Resource Center
Law Foundation of Silicon Valley
National Immigration Law Center
Sacred Heart Community Service
Tzu Chi
ViVO

Maaaring magbigay ng TSA ang Federal Emergency Management Agency (FEMA) sa mga kwalipikadong nakaligtas sa sakuna na may pangmatagalang pangangailangang magkaroon ng matutuluyan pagkatapos magsara ng mga congregate shelter (sama-samang pabahay) dahil matagal silang hindi makakabalik sa kanilang mga bahay. Ginawa ang programang ito para magbigay ng panandaliang matutuluyan para sa mga kwalipikadong nakaligtas sa sakuna na hindi matitirahan o hindi mapupuntahan ang mga komunidad dahil sa mga pinsalang dulot ng sakuna. Sa ilalim ng TSA, ang mga nakaligtas sa sakuna ay maaaring kwalipikadong manatili sa hotel o motel sa loob ng limitadong panahon at sasagutin ng FEMA ang gastusin sa silid at ang mga buwis. Gayunpaman, hindi sasagutin ng FEMA ang mga bayaring hindi kasama sa pangunahing singil o mga amenity, gaya ng telepono, room service, pagkain, atbp. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa programa ng TSA, maaari ninyong puntahan ang website ng FEMA sa: https://www.fema.gov/transitional-shelter-assistance

Ang mga indibidwal at sambahayang hindi kwalipikado sa TSA ay ilalapit sa mga lokal na ahensya o boluntaryong organisasyon para sa posibleng tulong.

PABAHAY AT PAGPAPAGANDA SA KOMUNIDAD

Makakatulong ang California Department of Housing and Community Development (HCD) sa mga tanong sa pabahay kasama na ang mga pagkukumpuni, pagkakabit
at/o pagpaparehistro at pagpapatitulo. Para sa impormasyon tungkol sa pagkuha ng mga permit para sa konstruksyon para sa mga na-manufacture na bahay o parke, makipag-ugnayan sa Riverside Area Office sa 951-782-4420 o sa Sacramento Area Office sa 916-255-2501. Para sa impormasyon tungkol sa Pagpaparehistro at Pagpapatitulo, tumawag sa 1- 800-952-8356; TTY 1-800-735-2929 o puntahan ang website sa: http://www.hcd.ca.gov/manufactured-mobile-home/registration-titling/ index.shtml.

MGA KARAGDAGANG TANONG

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagiging kwalipikado mo batay sa iyong status ng imigrasyon o kailangan mo ng tulong legal para magawa ang proseso ng aplikasyon para sa tulong sa sakuna, maaaring kwalipikado ka para sa mga libreng serbisyong legal. Para malaman ang higit pa, makipag-ugnayan nang direkta sa mga sumusunod na organisasyon.

California State Bar
Mga serbisyong legal para sa tulong sa sakuna.
http://www.calbar.ca.gov/Public/Need-Legal-Help/Free-Legal-Help/Legal-Help-After-Disaster

Catholic Charities of Santa Clara County
Programa ng Mga Serbisyo ng Tulong at Pagbawi mula sa Sakuna na Naglilingkod sa Mga Tao mula sa Iba't Ibang Kultura at Paniniwala
408-755-5114
disasterrelief@catholiccharitiesscc.org

Fair Housing Law Project (Proyekto ng Batas sa Patas na Pabahay, FHLP)
Nagbibigay ang FHLP ng mga libreng serbisyong legal sa mga kliyenteng pinaalis, hindi binigyan ng access, pinag-initan, diniskrimina, o hindi patas na hindi pinagbigyan sa pagpapakumpuni ng mga nagpapaupa sa panahon ng sakuna.

Law Foundation of Silicon Valley
152 North 3rd Street, 3rd Floor
San Jose, CA 95112
Linya ng Telepono para sa Papasok na Tawag sa FHLP: 408-280-2452

Panimula

Ang mga likas na sakuna at iba pang sitwasyong pang-emergency ay nakakaapekto sa lahat ng nasa komunidad, at pangunahing alalahanin ng Santa Clara County ang kaligtasan ng bawat residente. Muling pinapatotohanan ng mga patakaran ng county ang pangakong magkaroon ng pantay-pantay na access sa mga serbisyo at sinusubukan ang lahat para maiugnay ang mga tao sa mga mapagkukunan. Kung sakaling magkakaroon ng sakuna, ang mga residente ay may mga karapatan at hinihikayat silang humingi ng tulong anuman ang kanilang status ng imigrasyon. Bagama't nauunawaan namin kung may takot batay sa kasalukuyang sitwasyon sa pulitika at sa mismong katangian ng sakuna, ang mga lokal na opisyal at ang mga empleyado ng mga ahensya sa County at sa komunidad ay narito para tumulong. Ang gabay na ito ay nagbibigay ng Mga Madalas Itanong tungkol sa mga lokal, pang-estado, at pederal na mapagkukunan. Ibinabalangkas din nito ang pagkakaroon ng iba't ibang serbisyo sa mga sambahayang may iba't ibang status sa bawat partikular na programa at larangan ng pangangailangan.

Nakaayos ang gabay sa ilang seksyong naglalaman ng mga pangkalahatang karaniwang tanong, lokal, pang-estado, at pederal na mapagkukunan, uri ng pangangailangan/serbisyo at mga posibleng paghihigpit sa pagiging kwalipikado na nalalapat sa ilang partikular na pagkakataon.

FAQ

Nasa ibaba ang mga pinakakaraniwang madalas itanong (frequently asked questions, FAQ) tungkol sa accessibility ng mga mapagkukunan para sa sakuna. May ilang karagdagang FAQ na kasama sa mga partikular na seksyon.

1. ALING MGA SERBISYO SA SAKUNA ANG "HINDI PINAGHIHIGPITAN" - IBIG SABIHIN, MAKUKUHA NG LAHAT NG BIKTIMA NG SAKUNA ANUMAN ANG KANILANG STATUS NG IMIGRASYON?

Dapat makuha ng lahat ng biktima ng sakuna ang mga serbisyong ibinibigay ng mga organisasyon sa komunidad, organisasyong nonprofit, o iba pang organisasyong "hindi pampamahalaan". Kasama sa kategoryang "lahat ng biktima" ang mga imigranteng hindi dokumentado. Kasama sa mga halimbawa ng mga nasabing organisasyon ang American Red Cross at iba pang nonprofit na ahensyang tumutulong sa mga biktima ng sakuna at pangkat sa relihiyon.

Tingnan ang lokal na seksyon ng gabay na ito para sa listahan ng mga ahensya sa komunidad. Tumutulong din ang mga ahensya ng pang-estado at lokal na pamahalaan sa mga biktima ng sakuna. Kadalasan, ang hindi perang tulong sa emergency na agad nilang ibinibigay pagkatapos ng sakuna ay makukuha ng lahat ng biktima ng sakuna anuman ang kanilang status ng imigrasyon.

Disaster Supplemental Nutrition Assistance Program (D-SNAP)
Nagbibigay ng tulong sa pagkain sa mga sambahayang maliit ang kita na nawalan o nasiraan ng pagkain dahil sa likas na sakuna. Makukuha ito anuman ang status ng imigrasyon.

Para sa higit pang impormasyon: Pangkalahatang-ideya ng Programa ng D-SNAP: https://www.disasterassistance.gov/get-assistance/forms-of-assistance/5769 D-SNAP Guidance: https://fns-prod.azureedge.net/sites/default/files/D- SNAP_handbook_0.pdf

State Emergency Services Act
Inaatasan ng AB 2327 ng California (bukod sa iba pang bagay) ang mga pampublikong empleyado na tulungan ang mga nakaligtas sa sakuna nang hindi nanghihingi ng anumang impormasyon o dokumentasyong hindi mahigpit na kinakailangan para matukoy ang pagiging kwalipikado.

2. KUNG HINDI AKO DOKUMENTADO, KWALIPIKADO BA AKO SA ANUMANG TULONG SA SAKUNA KAUGNAY NG MGA KAMAKAILANG SUNOG, PAGGUHO NG LUPA, PAGBAHA, O IBA PANG SAKUNA?

Oo, kahit na hindi ka dokumentado, marami kang magagamit na mapagkukunan at serbisyo. Maaaring kwalipikado ka sa maraming iba't ibang programang pinapatakbo ng mga pang-estado at lokal na ahensya para sa iba't ibang uri ng perang tulong at iba pang uri ng tulong. Tumawag sa lokal na tanggapan ng Red Cross o sa anupamang lokal na ahensyang nakalista sa ibaba.

3. HINDI AKO DOKUMENTADO NGUNIT MGA MAMAMAYAN O KWALIPIKADONG IMIGRANTE ANG IBA PANG MIYEMBRO NG AKING PAMILYA. MAKAKAKUHA BA AKO NG CALFRESH AT CALWORKS PARA SA KANILA?

Oo. Bagama't hindi ka makakahingi ng tulong para sa sarili mo, dapat kang makakuha ng CalFresh at CalWORKs para sa iyong mga anak kung sila ay mga mamamayan ng U.S. o kwalipikadong imigrante. Kahit na ikaw o ang mga miyembro ng iyong pamilya ay hindi makakakuha ng CalFresh, makakakuha ka pa rin ng tanghalian at almusal sa paaralan, Disaster CalFresh, WIC, at makakapunta ka sa mga food bank sa komunidad at iba pang programa sa pagkain. Maaari kang mag-apply para sa iyong menor de edad na anak (wala pang 18 taong gulang) para sa perang tulong ng FEMA (Tulong ng Programa para sa Mga Indibidwal at Sambahayan) kung magkasama kayong nakatira. Hindi mo kakailanganing magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa iyong status ng imigrasyon o pumirma sa anumang dokumento tungkol sa iyong status.

4. KAILANGAN KO BA NG SOCIAL SECURITY NUMBER PARA MAGPAREHISTRO PARA SA PERANG TULONG NG FEMA (TULONG NG PROGRAMA PARA SA MGA INDIBIDWAL AT SAMBAHAYAN)?

Kung nag-a-apply ka para sa iyong menor de edad na anak, dapat mong ibigay ang Social Security Number niya. Ano ang dapat kong gawin kung mag-a-apply ako para sa isang miyembro ng aming sambahayan na mamamayan ng U.S. o kwalipikadong dayuhan? Linawin na ang mga kinukuha mong serbisyo ay para lang sa mga anak mo, hindi para sa iyo. Huwag magbigay ng anumang impormasyon tungkol sa sarili mong status ng imigrasyon. Hindi kailangan ang impormasyon tungkol sa iyo, dahil hindi ka naman humihingi ng mga serbisyo para sa sarili mo. Huwag magbigay ng anumang maling impormasyon.

Maaari ding tingnan ang mga lisensya online sa https://www2.cslb.ca.gov/OnlineServices/CheckLicenseII/CheckLicense.aspx. Maaari ka ring manood ng video, ang "Rebuilding After a Natural Disaster" sa website ng CSLB sa: http://www.cslb.ca.gov/Media_Room/Disaster_Help_Center/

INDIVIDUAL & HOUSEHOLD PROGRAMS (MGA PROGRAMA PARA SA INDIBIDWAL AT SAMBAHAYAN)

Ang Individuals and Households Program (Programa para sa Mga Indibidwal at Sambahayan, IHP) ay isang magkasamang programa ng Pederal at Estado. Ikaw o ang isang taong kasama mong nakatira ay dapat isang mamamayan ng U.S. o isang "kwalipikadong imigrante" para makapag-apply ang inyong sambahayan. Sa ilalim ng IHP, maaaring magbigay ng kaloob ang FEMA sa anyo ng upa, pagpapakumpuni o pagpapalit ng bahay, pagkukumpuni o pagpapalit ng transportasyon, mga gastusin sa pagpapalibing, personal na ari-arian, medikal, dental, o iba pang gastusin. Saklaw ng tulong sa sakuna ng FEMA ang mga pangunahing pangangailangan ngunit hindi nito karaniwang binabayaran ang lahat ng nawala sa mga biktima ng sakuna. Natatangi ang bawat sitwasyon at pinapangasiwaan ito batay sa bawat kaso. Sinumang makakaranas ng pinsala sa isang sakunang idineklara ng Pangulo ay maaaring magparehistro para makatanggap ng tulong sa pamamagitan ng pagtawag sa linya ng FEMA para sa pagpaparehistro, sa 1-800-621-3362. Para sa mga bingi o may problema sa pandinig, ang numero ay 1-800-462-7585. Kung hindi ka kumportableng tumawag nang mag-isa, baka matulungan ka ng iyong manggagawa ng kaso.
Para sa pangkalahatang impormasyon o para gumawa ng mga pagbabago sa kasalukuyan nang aplikasyon, ang numero ng Helpline ng FEMA para sa impormasyon sa sakuna ay 1-800-621-3362 o TTY 1-800-462- 7585.

STATE SUPPLEMENTAL GRANT PROGRAM (PROGRAMA NG PANDAGDAG NA KALOOB NG ESTADO)

Ang State Supplemental Grant Program (Programa ng Pandagdag na Kaloob ng Estado, SSGP) ng California, na pinapangasiwaan ng Department of Social Services, Disaster Services Bureau, ng California ay maaring magbigay ng mga pondo ng kaloob para tulungan ang mga taong nakaranas ng pinsala sa isang lugar na naapektuhan ng sakuna na idineklara ng Pangulo kapag ipinatupad ang pederal na tulong sa IHP. Ganap na pinopondohan ng Estado ang SSGP. Maaaring tumulong ang kaloob sa anumang kwalipikadong item na hindi pa natutugunan ng IHP. Gayunpaman, nakapag-apply na dapat sa FEMA ang mga indibidwal at nagamit na dapat nila ang kaloob ng IHP para maging kwalipikado sila sa SSGP. Nalalapat ang mga parehong pamantayan ng FEMA sa pagiging kwalipikado ng pagiging mamamayan ng U.S. o "kwalipikadong imigrante". Saklaw ng mga kaloob ng Estado ang mga pangangailangan sa tulong sa sakuna sa mga kategoryang katulad ng sa IHP. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pagiging kwalipikado o kung ligtas ba para sa iyo na mag-apply para sa FEMA, makipag-ugnayan sa mga lokal na ahensya ng tulong sa sakuna na nakalista sa itaas. Kung nagamit mo na ang lahat ng tulong ng IHP, awtomatikong ipapasa ng FEMA sa SSGP ang iyong aplikasyon. Walang hiwalay na proseso ng aplikasyon para sa SSGP. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa State Supplemental Grant Program, maaari kang makipag-ugnayan sa SSGP sa 1-800-759-6807, o para sa mga bingi o may problema sa pandinig, ang numero ng TTY ay 1-800-952-8349. Mag-click sa mga sumusunod na link para sa higit pang detalyadong impormasyon tungkol sa SSGP.

Sheet ng Impormasyon ng State Supplemental Grant Program (SSGP) (Spanish na Bersyon)

Sheet ng Impormasyon ng State Supplemental Grant Program (SSGP)

TRANSITIONAL SHELTER ASSISTANCE (TULONG SA PANSAMANTALANG MATUTULUYAN)

Ang Programang Transitional Shelter Assistance (Tulong sa Pansamantalang Matutuluyan, TSA) ay nagbibigay ng tulong sa panandaliang matutuluyan para sa mga lumikas na hindi makauwi sa loob ng mas mahaba o hindi matukoy na tagal ng panahon pagkatapos ng sakuna. Dapat ay isa kang mamamayan o kwalipikadong imigrante para matanggap mo ang tulong na ito. Kung mga mamamayan ng U. S. ang iyong mga menor de edad na anak, maaari kang mag-apply para sa kanila. Kumonsulta sa mga lokal na ahensya kung mayroon kang mga tanong o alalahanin.

Department of Motor Vehicles
http://www.dmv.ca.gov/

Ang California Department of Motor Vehicles (DMV) ay makakatugon sa mga tanong at makakapagbigay ng mga form na kailangan para tulungan ang mga indibidwal sa pagpapalit ng mga dokumento ng DMV, gaya ng mga lisensya sa pagmamaneho, identification card, certificate ng rehistro ng sasakyan, at certificate ng titulo, na nawala bilang resulta ng sakuna.

Nagbibigay ang Department of Motor Vehicles ng mga interpreter, kasama na ang mga interpreter ng American Sign Language (ASL), nang libre.

Kung kailangan mo ng interpreter, pakisabi sa mga tauhan ng DMV at mag-iiskedyul ng appointment kapag may interpreter ng banyagang wika o ASL. Maaari ding magpaiskedyul ng mga appointment sa mga regular na oras ng negosyo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-777-0133 at pagsasaad na kailangan ng tulong sa banyagang wika. Para sa California Relay Telephone Service mula sa teleponong TTY, tumawag sa 1-800-735-2929 o kaya, mula sa mga voice phone, tumawag sa 1-800-735-2922 para sa tulong sa pakikipag-ugnayan sa DMV at pagkuha ng interpreter ng ASL.

Hindi maaaring kumuha ng mga interpreter para sa pagsasagawa ng pagsusuri sa kaalaman para sa komersyal na lisensya sa pagmamaneho (commercial driver license o CDL).

Mga Talaan ng Kapanganakan, Kamatayan, Kasal, at Iba pang Mahahalagang Talaan
Dapat hilingin ang mga talaan ng kapanganakan, kamatayan, at kasal sa tanggapan ng tagapagtala ng county sa county kung saan naganap ang pangyayari. Pumunta sa https://www.cdph. ca.gov/Programs/CHSI/Pages/Obtaining-Vital-Records-From-County-Offices.aspx para sa listahan ng mga tagapagtala sa county.

Tanggapan ng Clerk-Recorder sa Santa Clara County
Nagbibigay ng pagkakataong humiling ng mahahalaang talaan (mga certificate ng kapanganakan, kamatayan, o kasal) online o maaari mong hilingin ang mga ito sa personal.

70 West Hedding Street, East Wing, 1st Floor
San Jose, CA 95110
408-299-5688
ClerkRecorder@rec.sccgov.org

TULONG NG ESTADO AT PEDERAL

1. May makukuha bang anumang programa ng estado at pederal para sa tulong sa sakuna ang mga imigrante?

Makukuha ng mga kwalipikadong imigrante ang mga programa ng estado at pederal na nauugnay sa tulong sa sakuna. Makakatulong sa iyo ang mga lokal na ahensyang nagbibigay ng tulong sa sakuna na gamitin ang mga system na ito at linawin ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado. Para sa ilan sa mga programa, kung mayroon kang mga anak na isinilang sa U.S., baka makakuha ka ng mga serbisyo at pondo para sa kanila.

IMPORMASYON TUNGKOL SA INSURANCE AT MULING PAGTATAYO

Ang California Department of Insurance ay nagbibigay ng tulong sa mga isyu sa insurance, gaya ng mga pagkaantala sa pangangasiwa sa habol, mga karagdagang gastusin sa pamumuhay, mga hindi pagkakasundo sa kakulangan sa insurance, atbp. Kung nakakaranas ka ng mga problema sa pagproseso sa iyong habol o kung gusto mong maimbestigahan ang isang isyu sa kakulangan sa insurance, makipag-ugnayan sa mga opisyal sa Hotline ng Departamento para sa Consumer para humingi ng tulong.

Hotline ng California Department of Insurance para sa Consumer
1-800-927-HELP (4357)
TTY: 1-800-482-4833
www.insurance.ca.gov.

Kung hindi ka kumportableng tumawag nang mag-isa, baka matulungan ka ng iyong manggagawa ng kaso.

CONTRACTORS STATE LICENSE BOARD

Ang Contractors State License Board (CSLB) ay nagpapatunay ng mga lisensya ng contractor, nagsisiyasat tungkol sa mga reklamo, at nagbibigay ng nakakatulong na impormasyon tungkol sa pagkuha ng lisensyadong contractor. Para sa impormasyon tungkol sa pagkuha ng contractor o paghahain ng reklamo tungkol sa isang contractor, maaaring tumawag ang mga biktima ng sakuna sa Hotline ng CSLB para sa Sakuna Lunes-Biyernes mula 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-800-962-1125, o sa 24 na oras na automated telephone response system, sa 1-800-321-CSLB (2752).

5. ANO ANG MGA KINAKAILANGAN NG FEMA KAUGNAY NG PAGKAMAMAMAYAN/IMIGRASYON?

Dapat ay isa kang Mamamayan ng U.S., Non-Citizen National, o "Qualified Alien (Kwalipikadong Dayuhan)" para maging kwalipikado ka sa perang tulong ng FEMA: Tulong ng Programa para sa Mga Indibidwal at Sambahayan at Tulong sa Kawalan ng Trabaho dahil sa Sakuna.

Kasama sa "Qualified Alien" ang sinumang may legal at permanenteng paninirahan ("green card"). Papapirmahin ka sa isang Paghahayag at Pagpapahintulot (Form 90-69 B ng FEMA) na isa kang Mamamayan ng U.S., Non-Citizen National, o "Qualified Alien".

6. ISA AKONG IMIGRANTENG MAY MAY-BISANG VISA, NGUNIT DAHIL HINDI AKO PERMANENTENG RESIDENTE, NATATAKOT AKONG MA-DEPORT KUNG LALAPIT AKO SA SINUMANG LOKAL, PANG-ESTADO, O PEDERAL NA OPISYAL AT HIHINGI AKO NG TULONG. MAGAGAMIT DIN BA NG PAMAHALAAN LABAN SA AKIN ANG ALINMAN SA MGA APLIKASYON KO PARA SA TULONG KUNG MATUTUGUNAN KO ANG IBA PANG PAMANTAYAN PARA SA GREEN CARD SA IBANG PAGKAKATAON? PIPIGILAN BA AKONG MAKAKUHA NG "GREEN CARD" O MAGING MAMAMAYAN NG U.S. NG MGA TUMATANGGAP NA SERBISYO SA SAKUNA?

Hindi isinasama ng U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) sa pagsasaalang bilang "public charge" (sagutin ng pamahalaan) ang pang-emergency na tulong sa sakuna. Hindi magiging hindi kwalipikado ang isang imigrante sa permanenteng paninirahang naaayon sa batas (pagkuha ng "green card") o pagkamamamayan dahil sa pagtanggap ng mga serbisyo sa sakuna mula sa pamahalaan. Hindi magiging "public charge" ang isang imigrante dahil sa pagtanggap ng tulong sa sakuna.

May higit pang impormasyon sa https://www.uscis.gov/greencard/public-charge

7. SINO ANG "KWALIPIKADONG IMIGRANTE"?

Ang kwalipikadong imigrante ay sinumang nabibilang sa alinman sa mga sumusunod na kategorya:

- Mga legal na permanenteng residente (green card holder);
- Mga asylee at refugee;
- Mga indibidwal na nabigyan ng humanitarian parole nang isang taon;
- Mga indibidwal na pinigilan ang deportasyon dahil sa status bilang refugee dahil sa pulitika;
- Mga pumasok galing sa Cuba o Haiti; o kaya
- Mga biktima ng karahasan sa tahanan na kasalukuyang may nakabinbing petisyon para sa tulong

8. HINDI AKO DOKUMENTADO. ISUSUMBONG BA AKO SA MGA AWTORIDAD SA IMIGRASYON KUNG MAG-A-APPLY AKO PARA SA CALFRESH (MGA FOOD STAMP) PARA SA MGA ANAK KO?

Kung hindi ka nanghihingi ng mga benepisyo ng pampublikong tulong para sa sarili mo, hindi mo kailangang magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong status ng imigrasyon. Dapat mong sabihin sa iyong manggagawa sa pagiging kwalipikado na hindi mo sinusubukang makakuha ng mga benepisyo para sa sarili mo. Hindi ka dapat tanungin ng mga manggagawa sa pagiging kwalipikado ng iba pang bagay tungkol sa iyong status ng imigrasyon kapag nasabi mo na sa kanilang hindi ka nag-a-apply para sa sarili mo. Huwag magbigay ng maling impormasyon o pagkakakilanlan. Kakailanganin mong magbigay ng impormasyon tungkol sa iyong mga kita o anumang ari-ariang maaaring mayroon ka, gaya ng sasakyan.

9. HINDI AKO DOKUMENTADO. ISUSUMBONG BA AKO SA MGA AWTORIDAD SA IMIGRASYON KUNG PUPUNTA AKO SA ISANG PANG-EMERGENCY NA MATUTULUYAN?

Isinaad ng U.S. Immigration and Customs Enforcement (ICE) at U.S. Customs and Border Protection (CBP) na hindi sila nagpapatupad ng mga batas sa imigrasyon sa mga lugar ng tulong sa sakuna gaya ng mga matutuluyan o food bank. Talagang hinihikayat ng Pederal na Pamahalaan ang lahat ng tao na sundin ang gabay ng mga lokal na opisyal at humingi ng tulong at matutuluyan anuman ang kanilang status ng imigrasyon. Kasama sa listahan ng mga matutuluyan ang maraming simbahan at paaralan na karaniwang itinuturing na mga pinagkakatiwalaang provider.

10. PAANO KUNG NAWALA KO ANG AKING ID O IBA PANG DOKUMENTO AT MAY PROBLEMA AKO SA PAGPAPATUNAY SA AKING STATUS O PAGKAKAKILANLANG NAAAYON SA BATAS?

Karaniwan at nauunawaan ang pagkawala ng mga dokumento ng mga tao kapag nagkaroon ng sakuna. Maaaring masira ng apoy, tubig, at hangin ang mga dokumento. Ang mga taong mabilis na lumikas mula sa isang mapanganib na lugar ay maaaring hindi nagkaroon ng oras para ipunin ang mga dokumento nila.

Nauunawaan ito ng mga ahensyang nagbibigay ng mga serbisyo sa sakuna. Kadalasan, hindi

sila masyadong maghihigpit sa mga normal na kinakailangan sa aplikasyon tungkol sa pagpapatunay sa pagkamamamayan, status ng imigrasyon, o pagkakakilanlan. Dapat ilarawan ng mga imigranteng nag-a-apply o humihingi ng tulong pagkatapos ng sakuna ang kanilang sitwasyon. Kung nawala o naiwan nila ang kanilang mga dokumento noong nagkaroon ng sakuna, dapat nila itong ipaliwanag sa sinumang opisyal ng ahensya na manghihingi ng mga dokumento nila.

Ang pagkawala ng mga dokumento ay maaaring makaapekto sa kakayahan ng isang tao na makatanggap kaagad ng tulong pinansyal at iba pang benepisyong nauugnay sa pagbawi. Dapat mag-apply para sa mga pamalit na dokumento ang mga indibidwal na nawalan ng mahahalagang dokumento o may mga nasirang dokumento.

Maaari kang mag-apply para sa pagpapalit ng iba't ibang dokumento sa Tanggapan ng Tagapagtala ng County, sa paaralan, unibersidad, DMV (regular o AB 60 na lisensya sa pagmamaneho) at iba pang ahensya, depende sa dokumentong kailangan mo para sa iyong sarili o para sa mga miyembro ng iyong pamilya. Maaari ka ring magpatulong sa alinman sa mga organisasyon ng tulong sa sakuna at humingi sa kanila ng gabay sa isyung ito.

11. HINDI AKO MAGALING MAG-INGLES. ANO ANG MAGAGAWA KO?

Dapat magbigay sa iyo ng mga libreng serbisyo sa pagsasalin at interpretasyon, kasama ang manggagawang nagsasalita ng wika mo. Kung hindi marunong magsalita ng wika mo ang isang manggagawa, dapat kang bigyan ng interpreter o hayaang gumamit ng mga serbisyo ng "language line" na interpreter nang wala kang babayaran. Huwag matakot na manghingi ng intepreter.

12. ANONG MGA AHENSYA ANG GUMAGAWA NG MGA ESPESYAL NA PONDO PARA SA MGA HINDI DOKUMENTADONG IMIGRANTE KAPAG NAGKAROON NG MGA SAKUNA?

Tingnan ang Mga Pondo at Serbisyo sa Publiko na Pinagsama-sama ng Grantmakers Concerned with Immigrants and Refugees (GCIR)

Mga link sa mga pondong magagamit at mga organisasyon sa rehiyon na susuportahan https://www.gcir.org/initiatives/natural-disaster-response

MGA LOKAL NA MAPAGKUKUNAN PARA SA SAKUNA SA SANTA CLARA COUNTY

Ang mga sumusunod ay mga lokal na mapagkukunan para sa kahandaan sa emergency at tulong sa sakuna na ibinibigay ng mga lokal na non-profit na organisasyon at iba pang ahensya. Ang karamihan ay makukuha ng kahit sino at nag-aalok ng iba't ibang antas ng kakayahan sa wika.

MGA PAGE NG IMMIGRANTINFO.ORG TUNGKOL SA SAKUNA

Ang Seksyong Emergency/Disaster ng immigrantinfo.org ay may mga link ng lokal, pang-estado, at pederal na mapagkukunan sa impormasyon sa maraming wika at maraming kultura tungkol sa kalusugan, kaligtasan, at kahandaan at pagtugon sa emergency. http://www.immigrantinfo.org/immigrant-info/emergency-disaster/

ALERTSCC

Ang AlertSCC ay isang libre at kumpidensyal na paraan para sa sinumang nakatira o nagtatrabaho sa Santa Clara County para direktang mapadalhan ng mga babala ng emergency sa kanilang cell phone, mobile device, email, o landline. Makakaugnayan ka ng AlertSCC nasaan ka man para magbigay ng impormasyon at mga tagubilin sa iba't ibang sitwasyong pang-emergency, kasama ang impormasyon pagkatapos ng sakuna tungkol sa mga matutuluyan, transportasyon, o supply. Ibinibigay ang mga tagubilin kung paano mag-sign up sa: Ingles | Spanish | Vietnamese | Chinese | Gayunpaman, sa Ingles lang ipinapadala ang mga alerto.
Magparehistro sa www.alertscc.org.

AMERICAN RED CROSS - SILICON VALLEY CHAPTER (ARC-SV)

Mga klase tungkol sa kahandaan at pagtugon sa sakuna, kalusugan at kaligtasan, paunang lunas, at pangangalaga sa bata. Pang-emergency na tulong para sa mga biktima ng mga sunog sa bahay at likas na sakuna. Mga programa sa pag-iwas sa sunog at edukasyon ng komunidad.

Mga Internasyonal na Serbisyo - Muling Pagsasama-sama ng Pamilya.
Nagbibigay-serbisyo sa Santa Clara County ang tanggapan sa San Jose.
2731 N. 1st St., San Jose, CA 95134
800-733-2767

Goodwill
Mga Donasyong Sasakyan
408-468-6220

DAMIT, KALINISAN, AT MGA GAMIT PAMBAHAY

Team ng Lungsod ng San Jose
408-232-5600

Mga Referral ng Goodwill mula sa American Red Cross
408-468-6220

Sacred Heart Community Service
408-278-2160

Salvation Army San Jose
408-298-7600 o Gilroy 408-848-5373

TULONG LEGAL

Law Foundation of Silicon Valley
Mga serbisyong legal sa mga nangungupahan kasama na kung kinakailangan nilang magbayad ng upa sa panahon ng sakuna at ang proseso ng pagbalik sa kanilang mga tahanan.
408-293-4790

Senior Adults Legal Assistance (Tulong Legal sa Mga Senior na Nasa Hustong Gulang, SALA)
Hindi dalubhasa ang SALA sa mga usaping legal na partikular na may kaugnayan sa tulong sa sakuna, ngunit para sa mga senior na maaaring may iba pang pangangailangang legal na lumalabas sa panahon ng sakuna, maaaring makinabang ang mga senior na imigrante kung makikipag-ugnayan sila sa ahensyang ito.

Sentrong Tanggapan
1425 Koll Circle, Suite 109 San Jose, CA 95112
Telepono 408 295-5991

North County
650 969-8656 - Toll-Free

South County
408 847-7252

PAGLILINIS AT PAGKUKUMPUNI PARA SA MGA MAY-ARI NG BAHAY

1. Kung nag-aalala ako sa aking kalusugan dahil sa mapanganib na basurang dala ng sakuna, kanino ako maaaring makipag-ugnayan? Anong personal na impormasyon ang hihingin nila sa akin?

Hindi hihingin ng mga lokal na ahensya, kasama na ang Santa Clara County Hazardous Waste Disposal, ang iyong status ng imigrasyon sa panahon ng sakuna. Maaari kang makipag-ugnayan sa alinman sa mga mapagkukunang nakalista sa ibaba.

Santa Clara County Hazardous Waste Disposal
408-299-7300

Silicon Valley Toxics Coalition
Electronic waste (e-waste).
408-287-6707

California Department of Insurance
800-927-4357

City of San Jose Building Department
408-535-7770

MGA BUWIS

Board of Equalization
408-277-1231

Franchise Tax Board
800-852-5711

Property Assessment Relief
408-299-5500

PAGPAPALIT NG MGA DOKUMENTO AT INSURANCE

1. Kung mawawala ko ang aking mga dokumento kapag may sakuna, ano ang magagawa ko? Ligtas bang pumunta sa mga tanggapan ng pamahalaan kung hindi ko mapatunayan ang aking pagkakakilanlan o status ng imigrasyon?

